



STATE OF HAWAII  
DEPARTMENT OF HEALTH  
P. O. BOX 3378  
HONOLULU, HI 96801-3378

In reply, please refer to:  
File:

**PAUNAWA: Ang paketeng ito ay available on-line, kasama ang maaaring i-file na elektronikong bersyon ng Form ng Pahintulot para sa pagbabakuna. Upang i-akses ang on-line na bersyon, bisitahin ang aming website sa <https://vaxonlinereg.doh.hawaii.gov>**

Oktubre 2017

Mahal naming mga Magulang/Tagapangalaga:

Ang programa na Sugpuin ang Trangkaso sa Paaralan, na nag-aalok ng libreng bakuna laban sa trangkaso sa mga piling pampublikong paaralan sa mga mag-aaral na kindergarten hanggang grade 8, ay magsisimula sa Nobyembre 2017. Ang programang ito ay inilalaan ng Kagawaran ng Kalusugan sa Estado ng Hawaii sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon.

Inirerekomenda ng Mga Sentro para sa Pagsugpo at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention (CDC)) na ang bakuna laban sa trangkaso na spray sa ilong ay hindi dapat gamitin sa 2017-2018 na panahon ng tag-trangkaso dahil sa datos na nagpapakita ng mahinang epekto ng bakunang ito. Kung gayon, **ang iaalok lamang ay ang itinuturok na bakuna sa trangkaso** sa pamamagitan ng programa na Sugpuin ang Trangkaso sa Paaralan. Ang mga pagtuturok ng bakuna laban sa trangkaso ay gagawin sa paaralan ng inyong anak sa pagitan ng **Nobyembre 2017 at Enero 2018**. Bibigyan kayo ng pasabi ng paaralan tungkol sa petsa at oras.

Kung nais ninyong makatanggap ang inyong anak ng libreng pagtuturok ng bakuna laban sa trangkaso sa paaralan;

1. Basahin ang nakalakip na Salaysay ng Impormasyon sa Bakuna para sa Trangkaso (Ginawang di Aktibo o Recombinant)
2. Kumpletuhin ang nakalakip na Form ng Pahintulot
  - **Kailangang sagutin ang lahat ng tanong**
  - Ang form ay kailangang **pirmahan at lagyan ng petsa**
3. **Ibalik ang** kinumpletong Form ng Pahintulot **sa guro ng inyong anak sa Miyerkules, Oktubre 25, 2017.**

Huwag ibalik ang kinumpletong form ng pahintulot kung hindi ninyo gustong bakunahan ang inyong anak sa paaralan.

May iisang klinika lamang sa bawat paaralan. Kung kailangan ng inyong anak ng ikalawang dosis ng bakuna laban sa trangkaso (sa mga bata na edad 8 pababa, na tatanggap ng bakuna laban sa trangkaso sa unang pagkakataon), mangyaring mag-iskedyul ng appointment sa doktor ng inyong anak para sa ikalawang dosis.

Kung magsusumite kayo ng form ng pahintulot sa paaralan at ang inyong anak ay tatanggap ng bakuna laban sa trangkaso sa tanggapan ng kanyang doktor **bago** sa naka-iskedyul na pagbabakuna sa klinika, **kailangang** kunin ninyo sa paaralan ang form ng pahintulot ng inyong anak bago ang naka-iskedyul na petsa sa klinika upang makatiyak na hindi mauulit ang pagbabakuna sa inyong anak.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa na Pagsugpo ng Trankaso sa Paaralan, bisitahin ang <http://flu.hawaii.gov/SFAS.html> o tumawag sa 2-1-1, mula Lunes hanggang Biyernes ika-7:00 n.u. hanggang ika-5:00 n.h.

Sumasainyo,



Sarah Y. Park, M.D., F.A.A.P  
Epidemiologist ng Estado

Mga Nakalakip

**Form ng Pahintulot para sa Pagbabakuna ng ESTUDYANTE -  
INIKSIYON PARA SA TRANGKASO**  
(PAKI-PRINT NANG MALINAW SA PAMAMAGITAN NG ITIM O ASUL NA TINTA)

<b>APELYIDO NG ESTUDYANTE</b>	<b>PANGALAN NG ESTUDYANTE</b>	<b>MI(S)</b>	<b>BUWAN /ARAW/TAON</b>		
					<b>PETA NG KAPANGANAKAN NG ESTUDYANTE</b> <input type="checkbox"/> KAMBAL <input type="checkbox"/> TRIPLET
					<b>KASARIAN NG ESTUDYANTE:</b> <input type="checkbox"/> LALAKI <input type="checkbox"/> BABAE
<b>ADDRESS NG ESTUDYANTE</b>					
<b>LUNGSOD</b>	<b>ESTADO</b>	<b>ZIP CODE</b>	<b>TELEPONO SA TAHANAN</b>		
<b>PANGALAN NG MAGULANG/TAGAPANGALAGA</b> (APELYIDO)		<b>(PANGALAN)</b>	<b>TELEPONO SA ARAW</b>		<b>CELL</b>
<b>PANGALAN NG PAARALAN</b>		<b>BAITANG (PUMILI NG ISA "●")</b>			
		<input checked="" type="radio"/> JR <input type="radio"/> K <input type="radio"/> 1 <input type="radio"/> 2 <input type="radio"/> 3 <input type="radio"/> 4 <input type="radio"/> 5 <input type="radio"/> 6 <input type="radio"/> 7 <input type="radio"/> 8 <input type="radio"/> 9 <input type="radio"/> 10 <input type="radio"/> 11 <input type="radio"/> 12			
<b>PANGALAN NG GURO SA HOMEROOM</b> (APELYIDO, PANGALAN)		<input type="checkbox"/> JR <input type="checkbox"/> K <input type="checkbox"/> 1 <input type="checkbox"/> 2 <input type="checkbox"/> 3 <input type="checkbox"/> 4 <input type="checkbox"/> 5 <input type="checkbox"/> 6 <input type="checkbox"/> 7 <input type="checkbox"/> 8 <input type="checkbox"/> 9 <input type="checkbox"/> 10 <input type="checkbox"/> 11 <input type="checkbox"/> 12			
<b>PANGALAN NG DOKTOR NG ESTUDYANTE</b> (APELYIDO)		<b>(PANGALAN)</b>			
<b>SEGURO SA KALUSUGAN NG ESTUDYANTE</b> (PUMILI NG ISA "●") Ang programang Pigin ang Trangkaso ay <b>LIBRE</b> . Ang inyong kompanya ng seguro ay <b>HINDI</b> sisingilin.					
<input type="checkbox"/> HMSA - PRIBADO <input type="checkbox"/> KAISER - PRIBADO <input type="checkbox"/> UNITEDHEALTHCARE - PRIBADO <input type="checkbox"/> ALOHACARE <input type="checkbox"/> UHA <input type="checkbox"/> HMA <input type="checkbox"/> OHANA <input type="checkbox"/> WALANG <input type="checkbox"/> HMSA - QUEST <input type="checkbox"/> KAISER - QUEST <input type="checkbox"/> UNITEDHEALTHCARE- QUEST <input type="checkbox"/> CHAMPUS/TRICARE <input type="checkbox"/> MDX <input type="checkbox"/> HMAA <input type="checkbox"/> IBA <input type="checkbox"/> SEGURO					
<b>NUMERO NG POLISA SA SEGURO</b>					

Makakatulong sa amin ang mga sumusunod na katanungan upang malaman kung ang inyong anak ay maaaring tumanggap ng **Iniksiyon para sa Trangkaso** (inactivated influenza vaccine). Piliin ang **OO** o **HINDI** ("●") para sa bawat katanungan.

**OO      HINDI**

- |   |                       |                       |
|---|-----------------------|-----------------------|
| 1. Nagkaroon na ba ang inyong anak ng seryosong allergic reaction sa itlog o sa isang sangkap ng anumang bakuna sa trangkaso? | <input type="radio"/> | <input type="radio"/> |
| 2. Nagkaroon na ba ang inyong anak ng seryosong allergic reaction sa naunang dosis ng bakuna sa trangkaso?                    | <input type="radio"/> | <input type="radio"/> |
| 3. Nagkaroon na ba ang inyong anak ng Guillain-Barré Syndrome (isang seryosong nervous system disorder)?                      | <input type="radio"/> | <input type="radio"/> |

**Kung sumagot kayo ng OO sa anumang katanungan, may katanungan na hindi sinagot, o hindi kayo sigurado sa sagot sa alinman sa mga katanungan sa itaas, HINDI tatanggapin ng inyong anak ang Iniksiyon para sa Trangkaso (inactivated influenza vaccine) sa pamamagitan ng programang pagbabakuna sa paaralan. Kausapin sana ninyo ang doktor ng inyong anak.**

**PAHINTULOT PARA SA PAGBABAKUNA NG BATA:** Natanggap at nabasa ko ang Pahayag Tungkol sa Impormasyon sa Bakuna Influenza (Trangkaso) Bakuna (Hindi Aktibo o Recombinant): *Ano ang kailangan mong malaman*, petsa 8/7/2015. Nauunawaan ko ang mga peligro at benepisyo, at ibinibigay ko ang pahintulot sa Kagawaran ng Kalusugan sa Estado ng Hawaii at sa mga awtorisadong kawani nito para tanggapin ng aking anak, na pinangalanan sa itaas ng form na ito, ang **INIKSIYON PARA SA TRANGKASO** at upang ibahagi sa doktor ng aking anak at sa kompanya ng seguro ng aking anak ang impormasyon tungkol sa pagbabakuna ng aking anak para sa trangkaso. Pumapayag akong isantabi at bitawan ang anumang reklamo laban sa Estado, sa lahat ng nag-aambag na miyembro ng Samahan ng mga Planong Pangkalusugan sa Hawaii (Hawaii Association of Health Plans), at sa iba pang mga tagapagtaguyod ng programa kaugnay ng o nagmumula sa Programang Stop Flu sa Paaralan. Isa pa, natanggap ko ang impormasyon tungkol sa Rehistro ng Imunisasyon sa Hawaii (tingnan sa likod).

Petsa: \_\_\_\_/\_\_\_\_/\_\_\_\_

Naka-print na Pangalan ng Magulang o Legal na Tagapangalaga \_\_\_\_\_ Lagda/Magulang o Legal na Tagapangalaga \_\_\_\_\_  
(Apeilyido, Pangalan)

**FOR ADMINISTRATIVE USE ONLY (GAMIT PANG-ADMINISTRATIBO LAMANG)**

Vaccine	Date Dose Administered	Dose Size	Site	Route	Vaccine Manufacturer	Lot Number	Expiration Date	VIS Publ. Date	Name, Address, & Title of Vaccine Administrator
Inactivated influenza vaccine	/ /	0.5 ml	RA LA	IM			/ /	/ /	

- Reason **FLU SHOT NOT** given:
- Student had temperature of 100.5° or higher
  - Student's consent form incomplete
  - Student refused **FLU SHOT**
  - Student absent
  - Other: \_\_\_\_\_

**IMPORMASYONG NASA REHISTRO**

- o Impormasyon sa imunisasyon kabilang ang ngunit hindi lamang uri ng bakuna, petsa kung kailan ibinigay ang bakuna, parteng binakunahan at paraan ng pagbabakuna, lot number, petsa ng pagpapaso, pagkakasakit ng pasyente sa nakaraan ng mga sakit na puwedeng pigilin ng bakuna, mga kontraindikasyon, mga pag-iingat, mga masamang reaksiyon, at/o mga komento tungkol sa mga pagbabakuna.
- o Personal na impormasyon kabilang ang ngunit hindi lamang ang una at gitnang pangalan at apelyido ng indibidwal, petsa kung kailan ipinanganak, kasarian, address na pagpapadalan ng sulat, numero ng telepono, pangalan ng magulang/tagapangalaga, kaugnayan ng magulang/tagapangalaga sa indibidwal, ang impormasyon kung paano sila makokontakt, at ang apelyido ng ina noong dalaga siya.

**IMPORMASYON SA PAGIGING KOMPIDENSIAL AT PAGIGING PRIBADO**

Tinatanggap ng lahat ng mga awtorisadong gumagamit at ng Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan na umiiral ang Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA) Privacy Rule (PL 104-191 at 45 CFR Parts 160 at 164, "Standards for Privacy of Individually Identifiable Health Information") sa paggamit at pagsisiwalat sa impormasyong makakatukoy sa pagkatalo ng mga tao at ahensyang sumasailalim sa Patakaran sa Pagiging Pribado. Bagaman ginamit ang mga pamantayan ng HIPAA sa pagiging pribado bilang gabay upang tumulong sa pagbuo sa mga patakaran sa Pagiging Kompidensyal at Pagiging Pribado ng Rehistro, ang Rehistro at ang Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan ay hindi mga "sakop na ahensya" sa ilalim ng HIPAA. Ang mga tagabigay serbisyo, mga plano sa kalusugan at iba pang mga sakop na ahensya o tao na awtorisadong gumagamit ay dapat sumunod sa Patakaran ng HIPAA sa Pagiging Pribado.

Ang impormasyon sa Rehistro ay manggagaling sa at bukas sa mga awtorisadong gumagamit para lamang sa mga awtorisadong layunin. Lahat ng mga awtorisadong gumagamit ay kinakailangang protektahan ang pagiging pribado ng mga kalahok na pasyente sa pamamagitan ng pagprotekta sa kompidensyal na impormasyon sa Rehistro alinsunod sa Alituntunin sa Pagiging Kompidensyal at Pagiging Pribado ng Rehistro ng Imunisasyon sa Hawaii, sa Alituntunin sa Seguridad ng Rehistro ng Imunisasyon sa Hawaii, pati na lahat ng naaangkop na mga batas sa Estado at Pederal.

**MGA AWTORISADONG GUMAGAMIT**

Ang mga awtorisadong gumagamit ng Rehistro ay maaaring kabilangan ng mga indibidwal at/o ahensya na nangangailangan ng palagiang access sa impormasyon sa imunisasyon ng pasyente at iba pang impormasyon sa kalusugan na makakatukoy sa pagkatalo upang magbigay ng mga serbisyo sa imunisasyon sa mga partikular na pasyente, magpanatili ng computerized inventory ng kanilang mga publiko at pribadong stock ng mga bakuna, pag-aralan ang kalagayan ng imunisasyon upang malaman ang antas ng imunisasyon, at/o tiyakin ang pagsunod sa mga ipinag-uutos kaugnay sa imunisasyon. Lahat ng mga awtorisadong gumagamit ay kailangang lumagda ng isang Kasulatan ng Pagiging Kompidensyal at Pagiging Pribado ng Rehistro ng Imunisasyon sa Hawaii na nagpapakita na natanggap nila ang kopya ng Alituntunin sa Pagiging Kompidensyal at Pagiging Pribado ng Rehistro ng Imunisasyon sa Hawaii, nauunawaan ang mga takda, kabilang ang mga multa sa paglabag sa mga alituntunin, at sumang-ayon na tumupad sa mga alituntunin.

Ang Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan ang siyang responsable para sa pagbabantay sa Rehistro at samakatuwid ay itatalaga bilang awtorisadong gumagamit.

**MGA GAMIT NG IMPORMASYON SA REHISTRO (AWTORISADONG LAYUNIN)**

Ang mga datos sa imunisasyon sa Rehistro at iba pang impormasyon sa kalusugan na makakatukoy sa pagkatalo ay gagamitin ng mga awtorisadong gumagamit para sa mga layunin na:

- o Pagsasama-sama, pagpapanatili, at pag-access sa computerized immunization records;
- o Pagsasama-sama at pagpapanatili ng impormasyon sa imbentaryo ng bakuna;
- o Pag-alam sa kasaysayan ng imunisasyon ng mga indibidwal at paghahatid ng paggamot na pangangalagang pangkalusugan ayon sa kinakailangan;
- o Paggawa ng mga pabalitid para sa mga indibidwal kung kanino ang takdang panahon ng imunisasyon ay dumating na o lumipas na at kung sakaling magkaroon ng recall ng bakuna;
- o Manatiling alerto para sa complex immunization schedule sa pamamagitan ng paggamit sa immunization forecasting tools na ibinigay rehistro;
- o Pag-aralan ang antas ng imunisasyon ng kanilang mga pasyente (o mga subset ng mga ito);
- o Paggawa ng mga opisyal na record sa imunisasyon (hal. Record ng Kalusugan ng Estudyante);
- o Tiyakin ang pagsunod sa mga ipinag-uutos kaugnay sa imunisasyon;
- o Pagtatala sa pamamahagi ng mga medikasyon na pangontra at paggamot sa sakit na ipinainom o ibinigay bilang paghahanda para sa at tugon sa maaaring salot sa kalusugan at yaman;
- o Pagtupad sa mga alituntunin at dapat masunod na pamamaraan ng Hawaii Vaccines for Children (Mga Bakuna sa Hawaii para sa Mga Bata) at iba pang programa sa bakuna na ibinigay ng Estado kaugnay sa pag-oorder at mga pananagutan hinggil sa bakuna; at
- o Iba pang mga layuning ipinasiya ng Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan.

Ang mga datos sa imunisasyon sa Rehistro at iba pang impormasyon sa kalusugan na makakatukoy sa pagkatalo ay gagamitin ng Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan para sa sumusunod na mga layunin sa kalusugan ng publiko kabilang ngunit hindi lamang:

- o Upang tiyakin ang pagsunod sa mga ipinag-uutos kaugnay sa imunisasyon;
- o Pagsasagawa ng mga aktibidad na Pagpapahusay sa Kalidad/Pag-aaral sa Kalidad;
- o Pagtupad sa mga alituntunin at dapat masunod na pamamaraan ng Hawaii Vaccines for Children at iba pang mga programa sa bakuna na ibinigay ng Estado kaugnay sa pag-oorder at mga pananagutan hinggil sa bakuna;
- o Pagpigil at pangangasiwa sa mga outbreak ng mga sakit na napipigilan ng bakuna at iba pang mga emergency kaugnay sa kalusugan ng publiko;
- o Paggawa ng mga ulat sa pag-aaral tungkol sa imunisasyon upang tumulong sa pagbuo ng mga alituntunin at mgaistratehiya upang pagpatibay ang kalusugan ng publiko;
- o Pangangasiwa at pagpapanatili sa sistema ng Rehistro; at
- o Iba pang mga layuning ipinasiya ng Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan.

**PAGKUHA NG IMPORMASYON NG RECORD NG IMUNISASYON**

Ang mga nasa Rehistro na datos sa imunisasyon ng indibidwal at iba pang impormasyon sa kalusugan na makakatukoy sa pagkatalo ay bukas sa tagabigay ng imunisasyon sa indibidwal, sa Departamento ng Kalusugan, at iba pang mga awtorisadong gumagamit ng Rehistro para sa mga awtorisadong layunin lamang.

**OPT-OUT (HINDI PAGSALI)**

Maaaring piliin ng mga indibidwal na huwag isali sa Rehistro ("opt-out") ang mga datos sa imunisasyon ng kanilang anak. Dapat mag-opt-out ang mga indibidwal sa pamamagitan ng sulat sa pagkumpleto sa isang "Form para sa Pag-Opt-Out sa Rehistro ng Imunisasyon sa Hawaii" na makukuha mula sa tagabigay ng imunisasyon sa indibidwal o sa Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan. Itatago lamang ng Rehistro ang pangunahing demograpikong impormasyon na kinakailangan para kilalanin ang indibidwal na pumiling huwag maisali sa Rehistro. Kailangan ang impormasyong ito para makilala at matanggihan ng Rehistro ang impormasyon sa imunisasyon ng indibidwal. Ang mga pangunahing demograpikong impormasyon ay gagamitin lamang ng Departamento ng Kalusugan sa Hawaii at hindi makikita ng lahat ng iba pang napahintulatang gumagamit ng Rehistro. Ang desisyon ng indibidwal na hindi pahintulutan na maisama sa Rehistro ang kanilang mga datos sa imunisasyon ay hindi makakaapekto sa kung tatanggap sila ng imunisasyon o hindi.

**PAGBAWI**

Maaaring bawiin ng indibidwal ang kanilang desisyon na mag-opt-out sa Rehistro ng Imunisasyon sa Hawaii anumang oras. Ang mga pagbawi ay dapat sa pamamagitan ng sulat sa pagkumpleto sa "Form ng Muling Pagpapahintulot sa Rehistro ng Imunisasyon sa Hawaii" na makukuha mula sa tagabigay ng imunisasyon sa indibidwal o sa Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan.

**KARAPATANG SIYASATIN, KOPYAHIN, IWASTO O BAGUHIIN ANG PERSONAL NA IMPORMASYON AT IMPORMASYON SA IMUNISASYON**

Maaaring siyasatin, kopyahin, iwasto o baguhin ng mga indibidwal ang impormasyon sa record ng imunisasyon tungkol sa kanila o sa kanilang anak sa pamamagitan ng tagabigay ng imunisasyon sa kanila o sa kanilang anak o sa Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan. Para sa impormasyon kung paano siyasatin, kopyahin, iwasto o baguhin ang impormasyon tungkol sa inyo o sa inyong anak, mangyari lamang na kausapin ang inyong doktor, pakitawagan ang Departamento ng Kalusugan sa 586-4665 (Oahu) o 1-888-447-1023 (neighbor islands), o ipadala ang inyong kahilingan sa pamamagitan ng e-mail sa [RegistryHelp@doh.hawaii.gov](mailto:RegistryHelp@doh.hawaii.gov).

**MAY MGA KATANUNGAN?**

Kung mayroon kayong anumang mga katanungan tungkol sa Rehistro, mangyari lamang na kausapin ang inyong doktor, pakitawagan ang Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan sa 586-4665 (Oahu) o

1-888-447-1023 (neighbor islands), ipadala ang inyong katanungan sa pamamagitan ng e-mail sa [RegistryHelp@doh.hawaii.gov](mailto:RegistryHelp@doh.hawaii.gov), o bisitahin ang aming website sa: <http://hawaii.gov/health/immunization/HIR.html>.

# Influenza (Trangkaso) Bakuna (Hindi Aktibo o Recombinant): Ano ang kailangan mong malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Spanish and other languages. See [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis)

Maraming mga pahayag tungkol sa impormasyon sa bakuna ang mayroon sa Espanol at iba pang mga lengguwahe. Tignan ang [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis)

## 1 Bakit kailangang mabakunahan?

Ang Influenza (“trangkaso”) ay isang nakakahawang sakit na kumakalat sa palibot ng Estados Unidos kada taon, kadalasan sa pagitan ng Oktubre at Mayo.

Ang trangkaso ay sanhi ng mga birus ng influenza, at karaniwang kumakalat sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahing, at malapitang pagdikit ng katawan.

Sinuman ay maaaring magkasakit ng trangkaso. Ang trangkaso ay biglang umaatake at maaaring tumagal ng ilang araw. Ang mga sintomas ay naiiba depende sa edad, pero maaaring may kasamang:

- lagnat
- pamamaga ng lalamunan
- pananakit ng kalamnan
- pagkapagod
- ubo
- sakit ng ulo
- tumutulong sipon o baradong ilong

Ang trangkaso ay maaaring humantong sa pulmonya at mga impeksiyon sa dugo, at maging sanhi ng pagtatae at pangangisay sa mga bata. Kung ikaw ay may kondisyong medikal, tulad ng sakit sa puso o baga, maaaring lumala ito dahil sa trangkaso.

Ang trangkaso ay mas mapanganib sa ibang tao. Ang mga sanggol at mga bata, mga taong na may edad 65 taon gulang at mas matanda, mga babaeng buntis, at mga taong may tiyak na problema sa kalusugan o mahinang immune system ay nasa mas matinding panganib.

**Kada taon libu-libong mga tao sa Estados Unidos ang namamatay dahil sa trangkaso**, at marami pang iba ang nasa pagamutan.

**Ang bakuna laban sa trangkaso ay maaari:**

- ingatan ka para magkaroon ng trangkaso,
- gawing hindi masyadong malubha ang trangkaso kung hindi ka magkakaroon nito at
- ingatan ka na magkalat ng trangkaso sa iyong pamilya at sa ibang tao.

## 2 Hindi Aktibo at recombinant na mga bakuna laban sa trangkaso

Isang dosis ng bakuna laban sa trangkaso ay inirerekomenda kada panahon ng trangkaso. Ang mga bata na may edad 6 na buwan hanggang 8 taon gulang ay maaaring kailangan ng dalawang dosis sa parehong panahon ng trangkaso.

Ang bawat isa naman ay kailangan lamang ng isang dosis kada panahon ng trangkaso.

Ang ibang hindi aktibong mga bakuna laban sa trangkaso ay nagtataglay ng napakaliit na dami ng mercury-based na pampreserba na tinatawag na thimerosal. Ang mga pag-aaral ay hindi nagpapakita na ang thimerosal sa mga bakuna ay nakakasama, pero mayroon din namang mga bakuna laban sa trangkaso ang hindi nagtataglay ng thimerosal.

Walang buhay na birus ng trangkaso sa mga turok-trangkaso. **Hindi sila nagiging sanhi ng trangkaso.**

Marami ang mga birus sa trangkaso, at sila ay laging nagbabago. Kada taon ay may bagong bakuna laban sa trangkaso ang ginagawa para magbigay proteksyon laban sa tatlo o apat na mga birus na maaaring maging sanhi ng sakit sa darating na panahon ng trangkaso. Pero kahit na ang bakuna ay hindi eksaktong pareho sa mga birus na ito, ito ay maaari pa rin magbigay ng kaunting proteksyon.

Ang bakuna laban sa trangkaso ay hindi pumipigil:

- sa trangkaso na sanhi ng isang birus na hindi saklaw ng bakuna, o
- mga sakit na kamukha ng trangkaso pero hindi.

Kailangan ng humigit kumulang na 2 linggo para sa proteksyon na mabuo pagkatapos ng pagbabakuna, at ang proteksyon ay tatagal hanggang sa panahon ng trangkaso.

## 3 Hindi dapat kumuha ng bakunang ito ang ilang tao

Sabihan ang taong nagbibigay sa iyo ng bakuna:

- **Kung mayroon kang anumang malubha, nakamamatay na mga alerhiya.** Kung ikaw ay nagkaroon na ng nakakamatay na reaksyon sa alerhiya pagkatapos ng isang dosis ng bakuna laban sa trangkaso, o mayroon malubhang alerhiya sa anumang parte ng bakunang ito, maaari kang bigyan ng mungkahi na huwag nang magpabakuna. Karamihan, pero hindi lahat, ng mga typo ng bakuna laban sa trangkaso ay nagtataglay ng kaunting dami ng protina ng itlog.
- **Kung nagkaroon ka na ng Guillain-Barré Syndrome (tinatawag din na GBS).** Ang ilang mga tao na kasaysayan ng GBS ay hindi dapat kumuha ng bakunang ito. Ito ay dapat na pag-usapan kasama ang iyong doctor.
- **Kung masama ang iyong pakiramdam..** Karaniwang okey lang na magpabakuna laban sa trangkaso kung mayroon kang hindi malalalang karamdaman, pero maaari kang sabihan na bumalik na lamang muli kapag bumuti na ang iyong pakiramdam.



U.S. Department of Health and Human Services  
Centers for Disease Control and Prevention

## 4 Mga panganib ng reaksiyon sa bakuna

Tulad ng anumang gamot, kasama na ang mga bakuna, ay mayroong pagkakataon na may mga reaksiyon. Ang mga ito ay kadalasang hindi malala at kusang nawawala, pero posibleng magdulot rin ng malubhang mga reaksiyon.

Karamihan sa mga taong kumuksa ng turok-trangkaso ay hindi nagkakaroon ng mga problema dito.

**Maliit na mga problema** kasunod ng turok-trangkaso kasama:

- sakit, pamumula o pamamaga ng lugar kung saan tinurukan
- pagkapaos
- masakit, pamula o nangangating mga mata
- ubo
- lagnat
- sakit ng ulo
- pangangati
- pagkapagod

Kung mangyari ang mga problemang ito, Sila ay nag-uumpisa sa sandali pagkatapos ng pagbabakuna at tatagal ng 1 o 2 araw.

**Mas malubhang mga problema** kasunod ng turok-trangkaso ay maaaring kasama ang sumusunod:

- Maaaring magkaroon ng maliit na pagtaas ng sa panganib ng Guillain-Barré Syndrome (GBS) pagkatapos ng hindi aktibong bakuna laban sa trangkaso. Ang panganib na ito ay nakalkula na may 1 o 2 dagdag na mga kaso kada milyong tao na binakunahan. Ito ay mas mababa kaysa sa panganib ng malubhang mga komplikasyon mula sa trangkaso, na maaaring maiwasan sa pamamagitan ng bakuna laban sa trangkaso.
- Ang mga bata na kukuha ng turok-trangkaso kasabay ng pneumococcal na bakuna (PCV13) at/o DTaP na bakuna sa parehong panahon ay maaaring magkaroon ng maliit na pagkakataon na makaranas ng pangingsay sanhi ng lagnat. Sabihin sa iyong doktor kung ang batang kukuha ng turok-trangkaso ay nakaranas na ng pangingsay.

**Mga problemang maaaring mangyari pagkatapos ng anumang tinurok na bakuna:**

- Minsan ang mga tao ay hinihimatay pagkatapos ng medikal na pamamaraan, kasama na ang pagbabakuna. Ang pag-upo o paghiga ng humigit-kumulang 15 minuto ay makakatulong na maiwasan ang pagkahimatay, at mga pinsala na sanhi ng pagkakahulog. Sabihin sa iyong doktor kung ikaw ay nahihilo o kung nagbago ang iyong paningin o may tumutunog sa mga tenga.
- Ang ilang tao ay nagkakaroon ng malubhang sakit sa kanilang balikat at nahihirapan na igtalaw ang braso kung saan tinurukan. Ito ay hindi madalas mangyayari.
- Katulad ng anumang paggamot ay maaaring magdulot ng malubhang reaksiyon sa alerhiya. Ang ganitong mga reaksiyon mula sa bakuna ay madalang, nakalkula na may 1 sa isang milyon ay mayroon, at maaaring mangyaring sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras pagkatapos ng pagbabakuna.

Katulad ng anumang gamot, mayroong napakaliit na pagkakataon na ang bakuna ay sanhi ng malubhang pinsala o pagkamatay

Ang kaligtasan ng mga bakuna ay palaging sinusubaybayan. Para sa iba pang impormasyon, bisitahin:  
[www.cdc.gov/vaccinesafety/](http://www.cdc.gov/vaccinesafety/)

## 5 Paano kung mayroong malubhang reaksiyon?

**Ano ang kailangan kong hanapin?**

- Hanapin ang anumang bumabagabag sa iyo, tulad ng mga palatandaan ng isang malubhang reaksiyon ng alerhiya, mataas na lagnat, o hindi pangkaraniwang pag-uugali.

Ang mga palatandaan ng malubhang reaksiyon ng alerhiya ay kasama ang pamamantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo and pagkahina. Ang mga ito ay mag-uumpisa ilang minuto hanggang ilang oras pagkatapos ng pagbabakuna.

**Ano ang kailangan kong gawin?**

- Kung sa tingin mo na ito ay isang malubhang reaksiyon ng alerhiya o iba pang emerhensya na hindi makakapaghintay, tumawag sa 9-1-1 at dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital. kung hindi naman tawagan ang iyong doktor.
- Ang mga reaksiyon ay kailangan ipagbigay-alam sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). Ang iyong doktor ang dapat na magpasa ng report, o pwede mo rin itong gawin sa pamamagitan ng VAERS web site sa [www.vaers.hhs.gov](http://www.vaers.hhs.gov), or by calling **1-800-822-7967**.

*Ang VAERS ay hindi nagbibigay ng payong medikal.*

## 6 Ang Pambansang Programa para sa Kabayaran sa Pinsala sa Bakuna

Ang Pambansang Programa para sa Kabayaran sa Pinsala ng Bakuna (Vaccine Injury Compensation Program, VICP) ay isang programang pederal na binuo upang bayaran ang mga tao na maaaring napinsala ng ilang mga bakuna.

Ang mga taong naniniwala na sila ay maaaring napinsala ng bakuna ay makakakuha ng kaalaman tungkol sa programa at tungkol sa pagsasampa ng habol sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-338-2382 o pagbisita sa website ng VICP sa [www.hrsa.gov/vaccinecompensation](http://www.hrsa.gov/vaccinecompensation). May limit sa oras ng pag-file sa paghahabol para sa kabayaran.

## 7 Paano ako matututo ng higit?

- Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan. Siya ay makakapagbigay sa iyo ng pagsingit ng pakete sa bakuna o magmungahe ng iba pang mga pagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Makipag-ugnayan sa mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng sakit (Centers for Disease Control and Prevention) (CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
  - Bisitahin ang website ng CDC's sa [www.cdc.gov/flu](http://www.cdc.gov/flu)

### Vaccine Information Statement Inactivated Influenza Vaccine

Tagalog

08/07/2015

42 U.S.C. § 300aa-26

Office Use Only



Translation provided by the California  
Department of Public Health